Republic of the Philippines

# Department of Education

DIGOS CITY DIVISION

**Office of the Schools Division Superintendent**

**DIVISION MEMORANDUM**
SGOD-2024- 497

To : ASDS
Chief ES – School Governance and Operations Division
All Public School Heads
All DFSELG and DFSSLG Teacher-Advisers
Division Youth Formation Coordinators

Subject : **PAGSASAGAWA NG SPOKEN POETRY CONTEST PARA SA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKA 2024**

Date : Agosto 12, 2024

Bilang bahagi ng pagdiriwang ng Buwan ng Wika, ang SDO – Digos City sa pamamagitan ng Learner Formation Program ay nagagalak na ipahayag ang pagsasagawa ng isang Spoken Poetry Contest. Ang patimpalak na ito ay naglalayong itaguyod at ipagdiwang ang ating wika at kultura sa pamamagitan ng malikhaing pagbigkas ng tula. Narito ang mga detalye ng nasabing patimpalak:

**Layunin:**

1. Palakasin ang kaalaman at pagpapahalaga sa ating wika at kultura.
2. Bigyang-diin ang kahalagahan ng sining ng pagtula sa pagpapahayag ng saloobin.
3. Magbigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na ipakita ang kanilang talento sa sining ng spoken poetry.

**Mga Tuntunin at Kondisyon:**

1. Ang patimpalak na ito ay bukas sa lahat ng mag-aaral. Ang bawat paaralan sa Digos City ay inaanyayahang mag sumite ng isang kinatawan.
2. Ang bawat kalahok ay kinakailangan magbigay ng isang tula na may temang nauugnay sa Buwan ng Wika.
3. Ang tula ay maaaring isulat sa Filipino o sa iba pang wika sa Pilipinas, subalit kinakailangan ito ipahayag sa Filipino.
4. Ang piyesa ay kailangang orihinal at isinulat mismo ng bibigkas.
5. Ang pagsusumite ng bidyo ay sa Agosto 23, 2024 gamit ang link na ito: https://drive.google.com/drive/folders/1cdCYbtK6qW8TJerWeYrgK13uDAHnF8WD?usp=sharing

**Address:** Roxas cor. Lopez Jaena Street, Zone II, Digos City (8002)
**Telephone Nos.:** (082) 553-8375; (082) 553-8396

6. Ang bawat pagganap ay may oras na tatlong (3) minuto lamang. Bawat minutong kulang at sobra ay may karampatang bawas na isang punto. Ang oryentasyon ng bidyo ay kinakailangang naka landscape format.
7. Hindi pinahihintulutan ang pagbasa ng isinulat sa pagbigkas

**Panukatan ng Hatol:**

- **Nilalaman – 30%**

(kabuuang hatid ng tula at bigat ng diwang nakapaloob)

- **Pisikal na kaanyuan – 15%**

(Tindig, Kasuoan, Tingin)

- **Boses – 15%**

(Lakas at hina, bilis at bagal, intonasyon, at tamang pagbigkas)

- **Dramatikong Kaangkupan – 10%**

(Paraan ng pagbibigay Kahulugan sat ula at estilong ginamit)

- **Pakikilahok at Impak sa Madla – 30 %**

(Reaksyon (Heart Reaction lamang)

Inaanyayahan ang lahat na makilahok at maging bahagi ng makulay at makabuluhang pagdiriwang na ito. Nawa'y magtagumpay tayo sa pagpapalaganap ng pagmamahal sa ating wika at sining.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan kay Binibining April Rose A. Alcala, PDO I/LFP Coordinator gamit ang cellphone number na ito: 0951-850-0210.

**MELANIE P. ESTACIO, PhD, CESO VI**
OIC- Schools Division Superintendent

8/13/24

Schools Division of Digos City
RECORDS SECTION
RELEASED
DATE: AUG 14 2024 TIME: 2:00pm
BY:

*SGOD/araa*